



## ALAMIN ANG TUNGKOL SA U.S. CITIZENSHIP AT MAGHANDA PARA SA PAGSUSULIT

Interesadong makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa U.S. citizenship? Ang USCIS ay may website na makatutulong sa iyo na makapaghanda. Kalakip ng Citizenship Resource Center ang mga sumusunod:

- Mga iniaatas para maging karapat-dapat sa Naturalisasyon
- Ang Aplikasyon para sa Naturalisasyon, Form N-400
- Mga kasalukuyang bayad sa pag-file at ang panahon na aabutin ng pagproseso
- Mga materyal sa pag-aaral ng Ingles at mga Pambayan
- Mga aktibidad sa pag-aaral
- Mga video at audio na mapagkukunan ng impormasyon
- Impormasyon tungkol sa mga nalalapit na mga aktibidad ng USCIS kaugnay sa pagiging citizen
- Isang tagahanap ng klase sa Ingles at pagiging citizen
- Mga payo sa paghahanap ng tulong sa iyong komunidad

Bisitahin ang  
**[www.uscis.gov/citizenship](http://www.uscis.gov/citizenship)**  
ngayon upang makapagsimula!

**ANG MGA IMIGRANTE MULA SA  
LAHAT NG DAKO NG MUNDO AY NAGING  
MGA AMERIKANONG MAY  
MAIPAGMAMALAKI**



U.S. Citizenship  
and Immigration  
Services



★

## IHANDA ANG NASA HUSTONG GULANG NA MGA IMIGRANTE PARA SA CITIZENSHIP HUMANAP NG MGA TULONG NA PANG SILID-ARALAN



Kung ang inyong organisasyon ay naghahanap ng mga materyal sa pagtuturo ng pagiging citizen at mga tagatulong na teknikal, ang USCIS ay may website upang tulungan ang inyong programa. Nasa Citizenship Resource Center ang mga sumusunod:

- Mga banghay-aralin at mga aktibidad
- Mga publikasyon at manwal sa pagiging citizen
- Online na mga kasangkapan sa pagpapaunlad ng propesyon
- Mga podcast at video
- Impormasyon tungkol sa darating na mga pagkakataon sa pagsasanay
- Maaasahang pamamaraan mula sa mga may karanasang tagapagkaloob
- Mga pagkakataon makakuha ng pondong pederal

Maaari mo ring idagdag ang iyong mga klase sa Ingles at pagiging citizen sa America's Literacy Directory, isang website na nagpapahintulot sa mga gumagamit na humanap ng mga lokal na tagapagturo ng pag-basa't pagsulat sa lahat ng 50 estado at mga teritoryo ng Estados Unidos.

Bisitahin ang [www.uscis.gov/citizenship](http://www.uscis.gov/citizenship) ngayon upang makakuha ng karagdagang impormasyon!



U.S. Citizenship  
and Immigration  
Services